Fi4
10-22-10

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 18, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad – nagpaalam |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad – may karamdaman |

**KAPASIYAHAN BLG. 183 - T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAA'T LIMANG LIBO WALONG DAAN PITUMPUNG PISO AT PITONG SENTIMOS (Php205,870.07) MULA SA EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) ENERO HANGGANG SETYEMBRE 2010 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php260,980.20 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php52,196.04); 10% SK FUND (Php26,098.02); 5% CALAMITY FUND (Php13,049.01); OFFICE SUPPLIES (Php106,527.00); AT SEMINAR (Php8,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet ng Barangay ng Santo Angel Central sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 49-T2010 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 2-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php205,870.07 mula sa Excess IRA mula Enero hanggang Setyembre 2010 na may kabuuang halagang Php260,980.20 upang ilaan sa 20% development fund (Php52,196.04); 10% SK fund (Php26,098.02); 5% Calamity Fund (Php13,049.01); Office Supplies (Php106,527.00); at Seminar (Php8,000.00) nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rolando Moises E. Acapulco at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Santo Angel Central na nagkakahalaga ng Php205,870.07 mula sa Excess IRA mula Enero hanggang Setyembre 2010 na may kabuuang halagang Php205,870.07 upang ilaan sa 20% development fund (Php52,196.04); 10% SK fund (Php26,098.02); 5% Calamity Fund (Php13,049.01); Office Supplies (Php106,527.00); at Seminar (Php8,000.00) nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan